Mga Madalas Itanong tungkol sa Nag-expire nang COVID-19 Test

Huwag munang itapon ang mga nag-expire mo nang COVID-19 test. Narito ang mga paraan para alamin kung puwede pa ring gamitin ang COVID-19 test na lampas na sa petsa ng pag-expire na nakalista sa kahon.

Puwede ko bang gamitin ang nag-expire nang COVID-19 test?

Oo. Ang Washington State Department of Health (DOH, Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) ay naglabas ng opisyal na pag-apruba para sa paggamit ng nag-expire nang test (sa English) hangga't pasado ang test sa quality control, na ipinapaliwanag namin sa ibaba.

Bukod pa rito, ang ilang COVID-19 test ay nakakatanggap ng mas mahabang shelf-life mula sa U.S. Food and Drug Administration (FDA, Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng U.S.), na nagbibigay sa mga test na iyon ng bagong petsa ng pag-expire na iba sa nakikita mo sa kahon. Maaari mong tingnan ang listahan ng test na may pinahabang shelf life ng FDA (sa English at Spanish) upang makita kung aling mga test ang may updated na petsa ng pag-expire. Kahit na lampas na sa updated na petsa ng pag-expire ang isang test, ayon sa DOH, puwede mo pa ring gamitin ang test kung pasado ito sa quality control.

Kongklusyon: Puwede mong gamitin ang nag-expire nang test hangga't pasado ito sa pagsusuri sa built-in na quality control.

Paano ko malalaman kung mabibigyan ako ng tamang resulta ng nag-expire nang COVID-19 test?

Ang iyong COVID-19 test ay may kasamang tagubilin para sa mga hakbang na dapat gawin upang tiyaking gagana nang maayos ang test, na tinatawag ding “quality control.” Kadalasan, makikita mo ang proseso ng quality control sa seksiyon ng resulta ng test na nasa sheet ng tagubilin para sa test. Ang proseso ng quality control para sa maraming test na ginagawa sa bahay ay sisiguruhin lang na lalabas ang linyang nasa tabi ng “C” na naka-print sa test cartridge kapag ipinatak dito ang specimen. Kung palpak ang proseso ng quality control, dapat mo nang itapon ang buong test.

Paano nakakatanggap ng mas mahabang shelf life ang isang test?

Inaatasan ang mga manufacturer ng COVID-19 test na magsagawa ng mga pag-aaral para alamin kung hanggang kailan puwedeng gamitin ang isang test. Sinusubaybayan ng FDA ang datos na ito upang mag-apruba ng mas mahahabang petsa ng pag-expire. Normal lang na pahabain ang shelf-life ng mga COVID-19 test kapag mas marami nang datos tungkol sa kung hanggang kailan tatagal ang mga test na ito.

Umaasa kaming makakatulong ang impormasyong ito para mapanatag ka kapag gumagamit ng test na tila nag-expire na batay sa petsa ng pag-expire na nasa kahon. Ngayon, alam mo na kung ano ang dapat gawin upang alamin kung puwede pang gamitin ang isang COVID-19 test: sundin lang ang tagubilin sa test para sa quality control. Kung pasado ang test sa quality control, ligtas at puwede pa rin itong gamitin.

Salamat sa lahat ng ginagawa mo para mapanatiling ligtas at malusog ang ating mga komunidad!

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

DOH 421-037 February 2023 Tagalog